Mensahe Walo

## Ang Binhi ni David na Naging Anak ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: 2 Sam. 7:12a, 14a;
Mat. 22:41-45; Gawa 13:23, 33; Roma 1:3-4; 8:29; Apoc. 22:16

**I. "Aking ibabangon ang iyong binhi pagkatapos mo…Ako'y magiging kanyang Ama, at siya'y magiging Aking anak"—2 Sam. 7:12a, 14a:**

A. Ang *iyong binhi* ay tumutukoy, nang literal, kay Solomon, ang anak ni David—1 Hari 5:5; 8:15-20.

B. Ayon sa Hebreo 1:5b, na sinisipi ang 2 Samuel 7:14a, ang binhi ni David sa katunayan ay si Kristo bilang panganay na Anak ng Diyos, na may kapwa pagkadibino at pagkatao—Heb. 1:5a, 6.

C. Ang *iyong binhi* sa 2 Samuel 7:12a at ang *Aking anak* sa bersikulo 14a ay nagpapahiwatig na ang binhi ni David ay magiging Anak ng Diyos, yaon ay, na ang pantaong binhi ay magiging dibinong Anak—Roma 1:3-4.

D. Ang salitang ito hinggil sa binhi ni David na naging Anak ng Diyos ay nagpapatuloy at napauunlad nang matindi sa Bagong Tipan—Mat. 22:41-45; Apoc. 22:16.

**II. Sa Mateo 22:41-45 ay nagtanong ang Panginoong Hesus ng pinakadakilang katanungan sa sansinukob: "Ano ang palagay ninyo hinggil sa Kristo? Kanino Siyang anak?"—b. 42a:**

A. Sinabi ng mga Fariseo na si Kristo ay anak ni David, at tinanong sila ng Panginoon kung paanong tinawag ni David ang Kristo na Panginoon yamang si Kristo ay kanyang anak—bb. 43-45.

B. Si Kristo ay makikilala lamang natin sa ating espiritu sa pamamagitan ng pahayag ng Diyos—b. 43; Efe. 3:5.

C. Si Kristo ay Diyos; sa Kanyang pagkadibino Siya ang Panginoon ni David—Mat. 22:43.

D. Si Kristo ay tao rin; sa Kanyang pagkatao Siya ang anak ni David—bb. 42, 45.

**III. Sa Apocalipsis 22:16 ay sinabi ng Panginoong Hesus, "Ako ang Ugat at ang Supling ni David":**

A. Sa Kanyang pagkadibino, si Kristo ay ang Ugat, ang pinagmumulan, ni David; sa Kanyang pagkatao, si Kristo ay ang Supling, ang bunga, ni David.

B. Si Kristo ay ang Panginoon bilang Ugat ni David, at Siya rin ang anak, ang usbong, ni David bilang Supling ni David; kung paanong *ang Supling ni David* ay nagpapahiwatig na ang Panginoon ay tao at na Siya ay nagmula kay David, gayundin *ang Ugat ni David* ay nagpapahiwatig na Siya ay Diyos at si David ay nagmula sa Kanya.

C. Sa Apocalipsis 22:16 ay kinilala ni Kristo Mismo na Siya ay tao at Diyos din, na Siya ay may kapwa pantaong kalikasan at dibinong kalikasan.

**IV. Sa Mga Gawa 13 ay sinabi ni Pablo na buhat sa binhi ni David "ang Diyos, ayon sa pangako, ay nagdala sa Israel ng isang Tagapagligtas, si Hesus" (b. 23), at na "lubusang tinupad ng Diyos ang pangakong ito…sa pagbangon kay Hesus, gaya ng**

**nasusulat din sa ikalawang awit, 'Ikaw ay Aking Anak; sa araw na ito ay ipinanganak Kita'" (b. 33):**

A. Sa mga bersikulo 32 at 33 ay makikita natin na si Kristo bilang Panganay na Anak ng Diyos ay ipinangako sa mga magulang, at tinupad ng Diyos ang pangakong ito sa pamamagitan ng pagbangon kay Hesus.

B. Ang pagkabuhay na muli ay isang kapanganakan sa taong si Hesus:

1. Ipinanganak Siya ng Diyos sa Kanyang pagkabuhay na muli upang maging panganay na Anak ng Diyos sa gitna ng maraming magkakapatid—Roma 8:29.
2. Siya ang bugtong na Anak ng Diyos mula sa kawalang-hanggan—Juan 1:18; 3:16.
3. Pagkatapos ng Kanyang pagkakatawang-tao, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ay ipinanganak Siya ng Diyos sa Kanyang pagkatao upang maging panganay na Anak ng Diyos—Heb. 1:6.

C. Nakita ni Pablo ang pagkabuhay na muli ng Panginoon sa Awit 2:7: "Ikaw ay Aking Anak; / Sa araw na ito ay ipinanganak Kita":

1. Inaplay ni Pablo ang salitang *sa araw na ito* sa araw ng pagkabuhay na muli ng Panginoon.
2. Nangangahulugan ito na ang pagkabuhay na muli ni Kristo ay ang Kanyang kapanganakan bilang panganay na Anak ng Diyos.
3. Si Hesus, ang Anak ng Tao, ay ipinanganak upang maging Anak ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging naibangon mula sa mga patay; samakatwid, ang pagbabangon ng Diyos kay Hesus mula sa mga patay ay ang Kanyang pagsilang sa Kanya upang maging Kanyang panganay na Anak—Gawa 13:33.

D. Sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ay ibinihis ng bugtong na Anak ng Diyos ang pagkatao at naging Diyos-tao (Juan 1:14, 18; Luc. 1:35); pagkatapos sa pagkabuhay na muli ay ipinanganak ng Diyos ang Diyos-taong ito upang maging Kanyang Panganay (Gawa 13:33; Heb. 1:6; Roma 8:29):

1. Bago ang pagkakatawang-tao ang bugtong na Anak ng Diyos ay walang pantaong kalikasan; Siya ay mayroon lamang dibinong kalikasan.
2. Sa pagkabuhay na muli ang panganay na Anak ng Diyos ay may pantaong kalikasan at dibinong kalikasan din.

E. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli ay ipinanganak si Kristo upang maging panganay na Anak, at sa parehong panahon ay ipinanganak ang lahat ng Kanyang mananampalataya upang maging maraming anak ng Diyos—1 Ped. 1:3; Heb. 2:10:

1. Sa gitna ng maraming anak na ito, tanging ang Panganay ang bugtong na Anak ng Diyos—Juan 1:18; 1 Juan 4:9.
2. Ang bugtong na Anak ng Diyos na ito, sa Kanyang nabuhay na muling pagkatao, ay ang panganay na Anak ng Diyos din—Roma 8:29.
3. Ang Panganay ay may kapwa pagkadibino at pagkatao, at tayo, ang Kanyang mga mananampalataya bilang maraming anak, ay nagtataglay rin ng kapwa pantaong kalikasan at dibinong kalilkasan—2 Ped. 1:4.

**V. Kailangan nating makilala si Kristo sa Kanyang pagkabuhay na muli na itinalaga bilang Anak ng Diyos sa kapangyarihan kalakip ang Kanyang pantaong kalikasan—Roma 1:3-4:**

A. Bago ang Kanyang pagkakatawang-tao at pagkabuhay na muli, si Kristo ang Anak ng Diyos, ang bugtong na Anak—Juan 1:18; 3:16.

B. Bagama't si Kristo ay ang Anak na ng Diyos bago ang pagkakatawang-tao, kailangan pa rin Niyang maitalagang Anak ng Diyos mula sa pagkabuhay na muli sapagkat sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ay ibinihis Niya ang pantaong kalikasan, na walang kinalaman sa pagkadibino—1:1, 14; Roma 8:3:
   1. Pagkatapos magkatawang-tao ang Anak ng Diyos, ang Kanyang dibinong kalikasan ay naikubli ng Kanyang laman.
   2. Si Kristo ay Anak na ng Diyos sa Kanyang pagkadibino, subalit ang bahagi Niya na Hesus na may pantaong kalikasan, na ipinanganak ni Maria, ay hindi ang Anak ng Diyos—Luc. 1:31-32, 35.
   3. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ay pinabanal at pinataas ni Kristo ang Kanyang pantaong kalikasan, ang Kanyang pagkatao, at itinalaga Siya mula sa pagkabuhay na muli bilang Anak ng Diyos kalakip ang Kanyang pantaong kalikasan; sa pakahulugang ito ay ipinanganak Siyang Anak ng Diyos sa Kanyang pagkabuhay na muli—Roma 1:3-4; Gawa 13:33; Heb. 1:5.
   4. Ang pagtatalagang ito sa Anak ng Diyos ay "sa kapangyarihan," ang kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ni Kristo, na ang realidad ay ang Espiritu—Roma 1:4; Fil. 3:10; Efe. 1:19-20.

C. Sa pamamagitan ng pagtatalaga sa pagkabuhay na muli ang Kristo na Anak na ng Diyos bago ang Kanyang pagkakatawang-tao ay naging Anak ng Diyos sa isang bagong paraan—Roma 1:4:
   1. Bago ang Kanyang pagkakatawang-tao Siya ay Anak ng Diyos lamang na may pagkadibino; sa pamamagitan ng Kanyang pagkabuhay na muli ay itinalaga Siyang Anak ng Diyos na may kapwa pagkadibino at pagkatao—b. 4.
   2. Kung hindi ibinihis ni Kristo ang pantaong kalikasan, hindi na kailangan pang italaga Siya bilang Anak ng Diyos, sapagkat sa Kanyang pagkadibino Siya ay Anak na ng Diyos, maging mula sa kawalang-hanggan—Juan 1:18; 17:5.
   3. Sa pagbibihis ng pagkatao sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, itinalaga Siyang Anak ng Diyos na may pagkatao sa pagkabuhay na muli—1:14; Roma 8:3; 1:3-4; Heb. 2:14:
      a. Bilang itinalagang Anak ng Diyos, si Kristo ay may dalawang kalikasan, pagkadibino at pagkatao; ang pagkatao na taglay Niya ngayon ay hindi isang natural na pagkatao kundi isang pagkataong pinataas sa pagkabuhay na muli—Roma 1:4.
      b. Maging ang pantaong kalikasan ni Kristo ay itinalagang Anak ng Diyos, sapagkat itinalaga Siyang Anak ng Diyos na may kapwa pagkadibino at pagkatao.

D. Ang pagtatalaga kay Kristo bilang Anak ng Diyos kalakip ang pagkatao ay "ayon sa Espiritu ng kabanalan"—b. 4:
   1. Ang Espiritu ng kabanalan ay ang esensiya ng buhay na nasa loob ng Panginoong Hesus; nang mamuhay Siya sa lupa sa laman, taglay Niya ang esensiyang ito sa loob Niya—Mat. 1:18, 20; Luc. 1:35.
   2. Nang mabuhay na muli ang Panginoong Hesus mula sa mga patay, itinalaga Siyang Anak ng Diyos sa kapangyarihan ng pagkabuhay na muli ayon sa Espiritu ng kabanalan na nasa Kanya—Roma 1:4.
   3. Ngayon Siya ang Anak ng Diyos sa paraang mas kamangha-mangha kaysa dati, sa ngayon taglay Niya kapwa ang dibinong kalikasan at ang nabuhay na muli,

natransporma, napataas, naluwalhati, at naitalagang pantaong kalikasan—6:4; Luc. 24:26; Juan 17:5; Gawa 3:13.

E. Kailangan nating iugnay ang Roma 1:3-4 at 8:29:
   1. Sa pamamagitan ng Kanyang pagkakatawang-tao, pagkapako sa krus, at pagkabuhay na muli, si Kristo, ang Anak ng Diyos, ay naging panganay na Anak, at ang maraming anak, na mga kapatid ni Kristo, ay naiwawangis sa Kanyang larawan—Heb. 2:10-11; Roma 8:29.
   2. Sa Roma 1:3-4 si Kristo, ang Anak ng Diyos, ay ang unang tularan, samantalang sa 8:29 ang maraming magkakapatid ay yaong mga "pinarami" mula sa unang tularan at, sa pagiging naligtas sa buhay, ay maiwawangis sa larawan ng panganay na Anak.
   3. Ito ay nagdadala sa atin sa bagay ng pagpapaging-diyos at nagpapahiwatig na ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang gawin ang Kanyang sarili na tao nang sa gayon, kay Kristo, tayo, ang mga mananampalataya kay Kristo at mga anak ng Diyos, ay maging Diyos sa buhay, sa kalikasan, at sa pagkakabuo (subalit hindi sa pagka-Diyos); ang gayong pahiwatig ay lubhang dakila, at kalaunan, ang Biblia ay napasusukdol sa bagay na ito—b. 29; 1:3-4; Juan 1:1-13; 1 Juan 3:1; Apoc. 21:2, 10-11.

*© 2021 Living Stream Ministry*